GRAYMONT

NAG-AAMBAG SA ISANG DECARBONIZED NA MUNDO SA PAMAMAGITAN NG PAGBIBIGAY NG MAHAHALAGANG SOLUSYON SA LIME AT LIMESTONE




# Mga Nilalaman



*World class sa lahat ng ginagawa natin!*


| | | |
|---|---|---|
| 01. | Ang Aming Misyon | 4 |
| | Ang Aming Adhikain | 5 |
| | Sino Kami | 5 |
| 02. | Ang Pinahahalagahan Namin | 6 |
| 03. | Paano Kami Magtrabaho | 8 |
| 04. | Kalusugan at Kaligtasan | 9 |
| 05. | Kapaligiran | 10 |
| 06. | Mga Customer | 12 |
| 07. | Mga Komunidad | 13 |
| 08. | Pag-Unlad | 14 |
| 09. | Inobasyon | 16 |
| 10. | Mga Tao | 18 |
| 11. | Mga Karera at Pag-Unlad | 19 |
| 12. | Pagkakapantay-Pantay, Pagkakaiba-Iba, at Pagiging Kasam | 20 |
| 13. | Kakayahang Umangkop | 20 |
| 14. | Mga Workspace | 22 |
| 15. | Makatwirang Pasahod | 23 |
| 16. | Pagkilala | 24 |



01

## ANG AMING MISYON

*Nakatutulong sa pag-decarbonize ng mundo sa pamamagitan ng paglalaan ng mga kinakailangang solusyon kaugnay ng batong-apog.*





## ANG AMING ADHIKAIN

Sa Graymont, adhikain namin ang maging world-class sa lahat ng aming ginagawa!

Malalaman mong tinutupad namin ito kapag:

- pinapatakbo namin ang mga pasilidad nang ligtas, malinis at maayos kung saan nakikibahagi ang lahat sa matinding pagpapatupad ng lugar na pinagtatrabahuhan na ligtas sa kapahamakan.
- Makikita mo ang aming tungkuling matugunan nang higit pa ang mga pangangailangan ng mga customer sa pamamagitan ng maaasahang pagbibigay ng de-kalidad na produkto at serbisyo.
- Mararamdaman mong maagap kami sa pagbuo at pagpapanatili ng mga pakikipag-ugnayang sumusuporta sa aming kapwa at iba pa para sa pangmatagalang tagumpay ng Graymont at ng aming mga komunidad.
- Nakatuon kami sa pagpapabuti ng aming pagganap sa kapaligiran.
- Patuloy naming pinaghuhusay ang aming mga proseso at aktibidad upang makapagbigay ng higit pa sa mga stakeholder.
- isa kaming maabilidad na grupong binubuo ng mga matatag na mga indibidwal na nagtutulungang upang makapagbigay ng World-Class na performance.

## SINO KAMI

Ang Graymont ay isang pandaigdigang lider na nagbibigay solusyon sa mga produktong kaugnay ang batong-apog.

Mahalaga ang aming mga produkto sa pagtugon sa isyu ngayon ng kapaligiran habang sinusuportahan ang mga importanteng industriya at pangangailangan sa agrikultura. Kabilang sa mga paggamit ng aming mga produkto ang paglinis ng hangin at tubig, at paggawa ng mga bagay na mahalaga sa modernong ekonomiya tulad ng bakal, papel at metal. Matatagpuan ang aming punong-tanggapan sa Canada, ang Graymont ay kalalukuyan aktibo sa merkado ng Hilagang Amerika at Asya-Pasipiko. Isa ring estratehikong katuwang ng Graymont ang Grupo Calidra, ang pinakamalaking tagagawa ng produkto ng batong-apog sa Latin America na naka-base sa Mexico.

Propesyonal na pinamamahalaan at pagmamay-ari ng isang pamilya, ang kumpanya ay mahigit 70 taon na. Nilalayon ng Graymont na maging pinipiling taga-suplay, taga-empleyo at katuwang saanman kami nakikipagsapalaran.




02



OUR VALUES

GRAYMONT:

# Ang Pinahahalagahan Namin

*Ang tagumpay namin ay nagngaling sa parehong indibidwal na pagsisikap at pagtutulungan ng lahat alinsunod sa sama-sama naming pinahahalagahan sa Graymont.*

**INTEGRIDAD**
Palagi naming ginagawa kung ano ang tama.

**PAGGALANG**
Iginagalang namin ang karapatan ng bawat tao na magkaroon ng isang ligtas na lugar na pinagtatrabahuhan. Iginagalang namin ang mga kaugalian, kultura at pinahahalagahan ang lahat ng tao maging sila man ay empleyado, customer, taga-suplay, tagapagpatupad ng batas, o kasapi ng komunidad. Iginagalang namin ang mga layunin ng lipunan ukol sa sustainability kabilang ang mga priyoridad, pangangailangan at interes ng komunidad, ekonomiya, lipunan at kapaligiran sa lahat ng yugto ng pagpapaunlad, pagpapatakbo at pagsasara ng pasilidad. Iginagalang namin ang kapital ng mga shareholder – ang pamumuhunan sa negosyo ng mga may-ari.

**PAGTUTULUNGAN NG GRUPO**
Mas madaling malulutas ng mahuhusay ng grupo ang mga kumplikadong problema.

**INOBASYON**
Palaging mayroong mas mainam na paraan upang gawin ang mga bagay-bagay.

**KAHUSAYAN**
Kahit anuman ang aming ginagawa, ginagawa namin nang maayos.

**PANGMATAGALANG PANANAW**
Pangmatagalan ang aming pananaw pagdating sa mga pagdedesisyon tungkol sa mga empleyado, ari-arian, reserba, customer, at shareholder.

**PANANAGUTAN**
Tinutupad namin ang aming mga pangako.

GRAYMONT:

# Paano Kami Magtrabaho

Nakabatay sa Kultura na Iisang Graymont (One Graymont) ang paraan ng pagtatrabaho namin.

- Naiintindihan, ibinabahagi at itinataguyod naming lahat ang estratehiya at direksyon ng Graymont.
- Kumikilos kaming lahat para sa kapakinabangan at tagumpay ng buong Graymont, hindi para sa heograpiya, rehiyon o tungkulin.
- Masigasig kaming nakikipagdebate at nagbabahagi ng mga ideya at pananaw.
- Handa kaming panagutin ang sarili at ang iba.
- Nakikitrabaho at nakikipagtulungan kami sa buong organisasyon.
- Itinuturing namin ang mga pagkakamali bilang mga oportunidad sa pag-aaral at inobasyon.
- Bukas kami sa pagbabago at hindi natatakot sa pagkawala ng nakaugalian.
- Masaya naming ginagawa ang aming trabaho!



03 →



04 →



GRAYMONT:

# Kalusugan at Kaligtasan

Kailangan para sa isang world-class na kumpanya na maabot ang mataas na antas ng pagganap sa mahalagang larangan ng kalusugan at kaligtasan. Kaya naman, nagtatrabaho kami ayon sa mahigpit na mga pamantayan sa kaligtasan ng buong organisasyon, na nagbibigay-diin sa pakikibahagi ng mga empleyado sa pamamagitan ng mga komite para sa kaligtasan, panloob na pag-audit sa kaligtasan, pagsasanay at sertipikasyon, pati na rin ang mahigpit na pagsunod sa mga ligtas na kaugalian sa pagtatrabaho. Nagsusumikap kami para sa tuluy-tuloy na pagpapabuti ng kalusugan at kaligtasan, na ang ultimong layunin ay walang pinsala at walang anumang insidente.

Makikita ang iba pang impormasyon sa aming **Ulat sa Sustainability.**

MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN

APPLY NA!






05 →

GRAYMONT:

# Kapaligiran

Malaking bahagi ng solusyon sa pagtugon sa maraming hamon sa kapaligiran ngayon ang mga produkto ng Graymont. Nasu-suplay kami ng mga produkto at solusyong mahalaga para sa mga matatag na modernong lipunan at importante sa isang decarbonized na ekonomiya. Nakaaapekto sa maraming kritikal na serbisyo at downstream na industriya sa supply chain ang mga solusyong kaugnay ng batong-apog. Ginagamit ang mga ito sa paglilinis ng tubig na maiinom, pagproseso ng maruming tubig, agrikultura, pagtanggal ng mga ibinugang hangin mula sa mga incinerator, planta ng kuryente, at pabrika, kabilang ang mga tagagawa ng bakal at iba pang metal. Ginagamit din ang mga ito sa mararming aplikasyong pangkapaligiran, kabilang ang site-remediation para sa mapanganib na basura. Batid din namin ang hindi maiiwasang epekto sa kapaligiran gawa ng mismong mga aktibidad sa produksyon ng Graymont. Isang pangunahing aksyon dito ay ang mamuhunan sa mga teknolohiyang matipid sa petrolyo para sa bago o isinaayos na pasilidad sa produksyon, habang nagtatrabaho alinsunod sa pinakamahusay na kasanayan at teknolohiya sa pamamahala sa kapaligiran. Dahil sa ang pagbabago ng klima ang nangunguna sa mga problema sa kapaligiran ngayon, batid ng Graymont ang tungkulin nito na bawasan ang sariling bakas ng carbon – at makipatulungan sa iba pang nasa industriya upang maitaguyod ang apog bilang isang mahalagang elemento para sa isang decarbonized na mundo sa hinaharap. Kaya naman, sinusuportahan ng Graymont ang Paris Agreement.

Makikita ang iba pang impormasyon sa aming **Ulat sa Sustainability** o **panoorin ang aming video** o alamin ang higit pa tungkol sa **Pagkilos para sa Klima.**



GRAYMONT:

# Mga Customer

06 →

## MGA PRODUKTO

Mahalaga ang aming mga produkto sa pagtugon sa mga pinakakritikal na isyu ngayon sa kapaligiran habang sinusuportahan ang mga importanteng industriya at pangangailangan sa agrikultura. Nagsu-suplay ang Graymont ng samot-saring high-calcium quicklime, hydrated na apog at batong-apog na mga produkto kabilang ang pinulbos na mga batong-apog na materyal, dolomitic na batong-apog at batong-apog na pang-konstruksyon galing sa ilan naming tibagan ng batong-apog. Nilalayon naming mapili bilang taga-suplay ng mga sustainable nasolusyon kaugnay ng batong-apog.

Alamin ang iba pa tungkol sa aming **Mga Produkto** at **Mga Merkado** na sinusuplayan ng mga produkto namin.






07 →

GRAYMONT:

# Mga Komunidad

Kasama sa paglikha ng isang sustainable na kinabukasan para sa aming kumpanya ang pagkakaroon ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing stakeholder tulad ng mga gobyerno, non-governmental organization (NGO) at komunidad kabilang ang Mga Katutubo (First Nations), at Mga Tribo (Aboriginal) na nagpapakitang desidido ang Kumpanya na magnegosyo sa responsableng paraang at pangmatagalang benepisyo para sa lahat.

Naniniwala kami na ang pundasyon ng pagiging mabuti sa kapwa ay ang pagkakaroon ng bukas at tapat na komunikasyon. Sinisikap naming maging maagap sa paglalahad ng aming mga plano at pagkalap ng opinyon ng komunidad upang matukoy at matugunan nang maaga ang mga potensyal na isyu. Kaya naman, sama-samang pinagsisikapan ng aming mga lokasyon na mapanatili ang bukas na linya ng komunikasyon sa mga mamamayan, lokal na pamahalaan at iba pang lokal na negosyo.

Ang ilan sa malalaking proyekto namin tulad ng Bedford Heritage Project (Quebec, Canada) at Oparure Expansion Project (New Zealand) ay maaaring masuri sa aming **Ulat sa Sustainability.**

Alamin ang higit pa tungkol sa aming **pakikipag-ugnayan sa mga komunidad.**

GRAYMONT:

# Pag-Unlad



08 →

## *Pinapalaki at pinapalakas ng Graymont ang aming pagiging una sa merkado.*

Nagbibigay-daan ang aming pagganap upang magkaroon ng mga kapaki-pakinabang na mga pag-aari ng mga batong-apog, pamumuhunan sa mga makabagong teknolohiya at makagawa ng mga bagong produkto para sa mga umuusbong na aplikasyon sa merkado na makakatulong sa pagpapabuti ng mundong ating ginagalawan. Ang pinakamahalagang pilosopiya ng aming kumpanya ay ang sustainable na paraan sa pagnenegosyo, na nabuo batay sa isang matatag na pananagutan sa pangmatagalang pag-unlad at mahigpit na pagsunod sa responsableng pamamahala sa kapaligiran, lugar na pinagtatrabahuhan at pamamalakad.

Ang aming bagong solar farm sa Galong (Australia) ay isang halimbawa ng aming pamumuhunan sa makabagong teknolohiya at bagong imprastraktura upang patuloy na umunlad.

MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN

APPLY NA!

GRAYMONT:

# Inobasyon

09 →

*Sa Graymont, pinahahalagahan namin ang inobasyon; alam naming palaging may mas magandang paraan para gawin ang mga bagay-bagay.*

Hinihikayat namin ang aming mga empleyado na magsalita at magbahagi ng mga bagong ideya. Batid namin na ang paghusayin pa ang ginagawa namin ay nangangahulugan ng pagiging bukas sa pagbabago at pakikipagtulungan upang makahanap ng mga mas mainam pang paraan para maisakatuparan ang aming gawain. Ito ay mahalaga sa pagbigay ng world-class na performance.



MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN

APPLY NA!

10 →



GRAYMONT:

# Mga Tao

Gumagawa kami ng mga produktong nakapagpapabuti sa ating mundo! Nakakatulong ang batong-apog namin sa paglinis ng hangin at tubig at may ginagampanang mahalagang papel sa paggawa at pamamahagi ng mga produktong ginagamit nating lahat araw-araw. Mahalaga ang aming ginagawa at mahalaga rin ang ginagawa araw-araw ng bawat empleyado namin.

Bilang mga indibidwal at miyembro ng grupo, ang bawat isa sa amin ay tumutulong para matugunan ang mga pangangailangan ng aming mga customer. Maging ikaw ay isang inhinyero, accountant, tagapamahala ng planta, manggagawa sa produksyon, propesyonal sa kaligtasan o isa sa marami pang propesyonal namin, magkakaroon ka ng mga pagkakataong gumawa ng pagbabago at tumulong na mapabuti ang ating mundo. Sa pamamagitan ng pag-decarbonize bilang pangunahing estratehiya, magkakaroon ng mga oportunidad ang aming mga empleyado na makibahagi sa mga pagkilos para sa klima at susuportahan namin ang paglahok ng mga empleyado sa mga lokal na proyekto para sa pagbawas ng carbon.

MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN

APPLY NA!



11 →

GRAYMONT:

# Mga Karera at Pag-Unlad

*Ang Graymont ay isang pandaigdigang lider ng mga solusyong kaugnay ng batong-apog.*

Nakapagbibigay ang Graymont ng mga pandaigdigang oportunidad, kapaligirang handang sumuporta upang isulong ang mga karera ng empleyado, at pagkakaroon ng pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad. Tinutulungan namin ang aming mga empleyado na makabisado ang kasalukuyang kailangan sa tungkulin at maghanda para sa pagsulong sa karera sa hinaharap sa iba't ibang hanay ng mga gawaing teknikal, kaugnay ng pagpapatakbo at pang-kumpanya, at sa trabaho upang matulungan ang aming mga empleydong makapagambag sa abot ng kanilang makakaya.

Bukod pa sa aming mga panloob na pagsasanay at pagkilos sa pag-unlad, nagbibigay kami ng suporta sa mga tauhang nagnanais na madagdagan ang kanilang pormal na edukasyon at sa mga nangangailangang makasunod sa mga pagsulong sa kanilang larangan sa pamamagitan ng propesyonal na pagunlad. Maaaring ibalik ang ilan sa mga nagastos sa matrikula ng mga full-time na empleyado na nagpatuloy sa naaprubahang post-secondary na pang-akademiko o bokasyonal na pagsasanay. Ginaganap din sa Kompanya ang taunang Philip D Graham Scholarship Program nito, na nagbibigay ng limitadong bilang ng scholarship na nagsisilbing tulong pinansyal sa mga anak ng mga empleyado upang mabigyan sila ng mga oportunidad na makakuha ng post-secondary na edukasyon.

12 →

GRAYMONT:

# Pagkakapantay-Pantay, Pagkakaiba-Iba, At Pagiging Kasama

Habang patuloy naming pinapalawak ang aming pagabot sa buong daigdig, lalong nagiging malinaw at higit na mahalaga ang mga benepisyo ng isang inklusibong grupo ng manggagawa. Ang pagtitiyak na ang mga empleyado ay pantay na tinatrato upang maabot nila ang kanilang buong potensyal at ang pagtaguyod sa isang inklusibong kultura upang marinig at mapahalagahan ang naiibang pananaw ng bawat empleyado, ay nakakatulong sa pagpapahusay ng inobasyon, pagpapabuti ng paglutas ng problema at pagdedesisyon, at pagpapahusay ng pagganap ng empleyado, na higit na nagpapaganda sa performance ng negosyo. Batid namin na ang aming patuloy na tagumpay bilang isang world-class na kumpanya ay nangangailangan ng parehong indibidwal na pagsisikap at pagtutulungan ng grupo, at ang pagtutulungang ito ay pinakaepektibo kapag ang lahat ng empleyado ay tinatrato nang pantay-pantay, nakakaramdam ng pagtanggap at nakikibahagi at nabibigyan ng kapangyarihan.

Ang Pahayag ng Graymont kaugnay ng mga Prinsipyo sa Equity, Diversity at Inclusion (EDI) ay nagsisilbing gabay para sa aming mga pagsisikap at pag-uugali, alinsunod sa aming Mga Pagpapahalaga, Patakarang May Paggalang sa Lugar ng Pinagtatrabahuhan at Kodigo ng Pag-uugali at Etika sa Negosyo. Nakatutulong ang aming Plano ng Pagkilos kaugnay ng EDI sa pagtupad namin ng mga pangakong nakasaad sa aming Pahayag ng mga Prinsipyo sa EDI, na siya namang sumusuporta sa aming layunin na maging paboritong taga-suplay, tagapag-empleyo, at pinipiling katuwang saanman kami nakikipagsapalaran.

MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN

APPLY NA!

GRAYMONT:

# Kakayahang Umangkop

Batid namin ang kahalagahan at benepisyo sa kumpanya at sa aming mga empleyado ng pagiging balanse sa pagitan ng pagtatrabaho sa bahay at mga pakikipag-ugnayan nang harapan na nakadaragdag ng makabuluhang kahalagahan sa pagnenegosyo sa pamamagitan ng pagtaguyod ng pakikipagtulungan at pagtutulungan ng grupo pati na ang bayanihan at pakikipagkaibigan na tinatamasa ng aming mga empleyado. Ipinapatupad namin ang aming hybrid work na pamamaraan na nagbibigay-daan sa karamihan ng mga empleyado naming pumapasok sa opisina na makapagtrabaho nang dalawa o tatlong araw sa isang linggo sa aming mga makabagong workspace at makapagtrabaho mula sa bahay sa ibang mga araw. Ang mga empleyado namin sa mga planta ay maaari ding humiling na maiayos ang kanilang iskedyul, sa tulong ng kanilang supervisor, upang matulungan silang matupad ang kanilang mga responsibilidad at pangangailangan sa buhay.



13 →

GRAYMONT:

# Mga Workspace

Idinisenyo ang mga makabagong pang-opisinang workspace upang magbigay ng isang kaaya-ayang kapaligiran at itaguyod ang pakikipagtulungan. Binabawasan namin ang madalas na pagpunta sa opisina at inayos ito sa sustainable na paraan na mayroong modernong pasilidad, makabagong connectivity, kaayusang naaayon sa maraming pangangailangan mula sa bukas na pakikipagtulungan, mga tahimik na espasyo, mga magkakahiwalay na opisina, silid ng kumperensya at magandang kusina at lugar ng kainan. Ang mga limitadong paglalaan namin ng espasyo sa opisina ay nagbibigay-daan para mabago namin ang mga paglalaan ng mesa tungo sa isang pang-araw-araw na paraan ng pagreserba ng workspace upang masulit ang kakayahang umangkop at mga oportunidad sa pakikipagtulungan para sa aming mga tauhan at matulungan kaming lahat na magamit nang husto ang aming mga workspace.

14 →

MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN
APPLY NA!



15 →

GRAYMONT:

# Makatwirang Pasahod

Ang makatwirang pasahod ng Graymont ay nagbibigay-daan sa amin na mapanatili at makakuha ng mga talentong kailangan namin para maging world-class sa pagbigay ng mga solusyong batong-apog. Ang pagtuon namin sa kabuuang mga gantimpala ay nagbibigay-daan sa amin na palawigin ang pagiging makatwiran sa aming pasahod na lampas sa katamtamang suweldo. Sa Graymont, nakakatanggap din ng magandang mga benepisyo sa pagretiro at kalusugan ang mga empleyado at iba pang mga bagay, kabilang ang isang programang pangkalusugan at kumpidensyal na Programang Pantulong sa Empleyado at Pamilya.



MAGANDANG PAGKAKATAON ITO PARA SUMALI SA AMIN

APPLY NA!

16

GRAYMONT:

# Pagkilala

Ang kalamangan namin sa kumpitensya ay dahil sa malaking kontribusyon ng mga kahanga-hangang empleyadong nagpapamalas ng kanilang mga karanasan sa trabaho sa aming mga opisina at planta. Binibigyan namin ang lahat ng empleyado ng malinaw na pokus sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad, at positibo naming kinikilala ang mahusay na pagtatrabaho. Humahantong ito sa paglikha ng kahalagahan at nagbibigaydaan sa amin para tunay na pahalagahan ang mga pagsisikap ng aming mga mahuhusay na empleyado.

Nagtatag kami ng mga programa at aktibidad upang tulungan ang mga tagapamahala na makilala ang mga indibidwal at panggrupong tagumpay tulad ng pagkilala sa kapwa sa mga pagpupulong, mga pag-anunsyo ng pag-angat sa trabaho, mga paglathala ng aming mga tagumpay sa pandaigdigang newsletter na Grayzette, ang aming Programa ng Mga Gantimpala para sa Mga Taon ng Serbisyo, kasama na ang mga pagkakataon para sa pag-angat sa lahat ng tungkulin at ang maitalaga sa ibang bansa.



GRAYMONT

graymont.com